Sa ngalan ng Allah,
Ang PinakaMahabagin, Ang PinakaMaawain

**Kahulugan ng As-siyam (o Pag-aayuno):**
Literal na kahulugan nito ay Al-Imsak o Ang Pagpipigil, at ang kahulugan nito sa batas ng Islam: ay Ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan nang pagpigil mula sa pagkain, pag-inom at lahat ng mga nakakasira ng pag-aayuno mula sa pagsikat ng fajar saadiq (o pagpasok ang Fajar) hanggang sa paglubog ng araw (pagpasok ng Maghrib).

**Haligi ng Pag-aayuno:**
[1] Ang intensyon. [2] Pagpipigil mula sa mga nakakasira ng Pag-aayuno.

**Mga uri ng Intensyon sa Pag-aayuno:**
[1] Intensyon sa Obligadong Pag-aayuno: Nararapat ang intensyon nito ay sa gabi kung ito'y Obligado bago ang pagpasok ng Fajar, sapat na mag-intensyon sa pagpasok ng buwan, at ang lugar ng intensyon ay ang puso at ang pagbigkas nito ay isang uri ng bid-ah (panibagong gawain na ipinagbawal ng Batas). [2] Intensyon sa Sunnah na Pag-aayuno: Ito ay maaring gawin ang intensyon sa anumang oras sa umaga, kung hindi pa niya nagagawa ang anumang nakakasira ng Pag-aayuno, ngunit bibilangin naman ang gantimpala nito mula sa oras nagsimula ang kanyang intensyon.

**Mga uri ng Pag-aayuno:**
[1] Obilgado: Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, kaffarat at nadhar. [2] Hindi Obligado.

**Kondisyon na magiging obligado ang Pag-aayuno sa Ramadhan:**
[1] Al-Islam. [2] Tamang pag-iisip. [3] Albulugh (sapat na gulang): kung hindi baligh (sapat na gulang); mainam na siya ay turuan at uutusan ng kanyang wali (nangangalaga sa bata). [4] Al-istitan (nakatira sa isang lugar): kaya't hindi magiging obligado sa isang naglalakbay, ngunit pinakamainam na siya ay mag-ayuno kung walang anumang mararanasang hirap sa kanyang paglalakbay; dahil sa nagawa ito ng Propeta, gayundin upang agarang makaalis sa kanyang responsibilidad, at ito din ay mas madali para sa mga na-obliga, gayundin para matamasa ang kainaman ng buwan ng Ramdhan. [5] Ang kalusugan. [6] Walang hayd (buwanang dalaw) o nifas (dugo sa panganganak).



**Mga uri ng sakit ng isang Nag-aayuno:**
Dalawang uri ng Sakit: [1] sakit na hindi na maaring gumaling pa, kabilang dito ang mga matatanda na walang kakayahang mag-ayuno, hindi obligado ang pag-aayuno para sa kanila ngunit sila ay (a) magpakain sa bawat araw ng isang Mahirap, (b) o di kaya ay iipunin sila [mga mahihirap] katumbas ng araw na hindi nila napag-ayunuhan at pagkatapos sila ay pakakainin sa tanghali man o sa gabi, (c) o di kaya naman ay maghanda ng pagkain para sa kanila katumbas sa araw na kanyang naiwan; sa bawat isang Mahirap ay 1/4 saa' katumbas 600 gram ng arina na mainam. Mainam pa dito na dagdagan niya ng ulam mula sa laman o taba. [2] Sakit na maaring maalis ngunit magiging mahirap para sa nag-aayuno, kabilang dito ang mayroong hayd, nifas, at ang inang nagpapasuso ng anak, gayundin ang manlalakbay. Babayaran na lamang nila ang naiwan nilang [mga] araw ng pag-aayuno. At kapag siya ay namatay bago pa man gumaling, wala na siyang pananagutan pa rito.

**Paano mapagtitibay ang pagpasok ng buwan ng Ramadhan?**
Ito ay maaari sa pamamagitan ng [1] pagtanaw sa hilal (buwan sa unang araw ng Ramadhan). [2] Ang pagkumpleto ng Sha'ban ng tatlongpung araw.

**Mga nakakasira ng Pag-aayuno:**
[1] Sadyang pag-inom o pagkain, kung siya'y naman nakalimot; ang kanyang pag-aayuno ay mananatili pa ring nasa tama. [2] Pakikipagtalik: kapag ito'y sa umaga ng Ramadhan at ang pag-aayuno ay obligado; kailangan niya ng kaffarah mughalladhah; ito ang pagpapalaya ng alipin, kung hindi siya makahanap ay mag-aayuno ng dalawang buwan na magkasunod, kung hindi makakayanan magpapakain ng anim-napung Mahihirap. [3] Paglabas ng semilya dahil sa foreplay, paghalik, pagyakap o anumang katulad nito. [4] Anumang pamalit ng pagkain at pag-inom, tulad ng iniksyon na katumbas ng pagkain, kung hindi naman ito katumbas ng pagkain; hindi ito kabilang sa nakakasira ng Pag-aayuno. [5] Paglabas ng dugo sa hijamah, ngunit ang kaunting lumabas na dugo dahil sa check-up o anumang katulad nito; hindi kabilang sa nakakasira ng Pag-aayuno. [6] Sadyang pagsuka. [7] Paglabas ng dugo nang hayd o nifas.



**Mga Mainan na gawain ng Nag-aayuno:**
[1] Assuhur (pagkain sa madaling araw) [2] Pagpapahuli ng suhur [3] Pagmamadali sa fitr (pagbreak ng ayuno) [4] Ang pag-iftar sa pamamagitan ng rutab (fresh dates), kung wala naman ay tamar (dried dates) at dapat ay ayon sa bilang ng witr (gansal), kung wala naman; maari ang pag-inom ng tubig, at kung walang mahanap na anumang pang-iftar; maari na siya'y mag-intensyon na lamang ng fitr. [5]Ang Panalangin sa oras ng fitr o sa kalagitnaan ng Pag-aayuno. [6] Pagpapadami ng Sadaqa. [7] Ang pagsasagawa ng Salah sa mga gabi nito. [8] Pagbabasa ng Qur-an . [9] Pagbanggit ng (inniy saaim) - ako ay nag-aayuno - sa sinumang nang-aaway sa kanya. [10] Ang pasasagawa ng Umrah. [11] Pagsasagawa ng I'tikaf sa huling sampung araw ng Ramadhan. [12] Paghahanap sa laylatul qadar.

**Ang mga hindi Kaaya-aya sa Nag-aayuno:**
[1] Ang sobrang pagmumug at pagsinghot. [2] Pagtikim ng pagkain na hindi naman kinakailangan. At kabilang naman sa maaaring gawin ng isang Nag-aayuno; Paglunok ng laway, pagtikim ng pagkain kung kinakailangan, pagligo, paggamit ng siwak (o toothbrush), pagpapabango, at pagpapalamig.

**Pag-aayuno ng nafl (o hindi obligado):**
[1] Pag-aayuno ng anim na araw sa buwan ng Shawwal sa sinuman ang nakakumpleto ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at nararapat ay sunod-sunod mula sa pangalawang araw. [2] Pag-aayuno sa araw ng Arafah sa sinuman na hindi nagsasagawa ng Hajj.

[3] Pag-aayuno sa araw ng Ashura', kasama ang ika-siyam at labing-isang araw. [4] Pag-aayuno sa araw ng lunes at huwebes. [5] Pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, pinakamainam ang ayyamul biyd (13 – 14 – 15) [ng hijrah calendar]. [6] Pag-aayuno ng isang araw at kinabukasan ay iftar. [7] Pag-aayuno sa mga banal na buwan ng Allah [8] Pag-aayuno sa unang siyam na araw sa Dhul Hijja [9] Pag-aayuno ng Sha'ban ngunit hindi ito ikukumpleto.

Pag-aayuno na hindi kaaya-aya

Ang pagbubukod-tangi ng pag-aayuno sa araw ng biyernes o sabado o linggo, ngunit kung mayroon itong rason; tulad ng pag-aayuno sa araw ng Arafah (kung ito ay nataon sa mga araw na ito); maaari itong gawin.

Pag-aayuno na Muharram (Ipinagbabawal)

[1] Pag-aayuno ng bukod-tangi sa buwan ng Rajab. [2] Pag-aayuno sa dalawang araw ng Eid. [3] Pag-aayuno sa araw ng shak (pagdududa). [4] Pag-aayuno sa araw ng tashreeq liban sa walang hadiy. [5] Pag-aayuno ng isang buong taon.

Mustahab (Mainam) ang pagkasunod-sunod sa qada' (o pagbabayad). Nararapat din na madaliin ito pagkatapos ng araw ng Eid. Hindi maari ang pagpapahuli ng qada' hanggang sa dumating ang panibagong Ramadhan, at kung ito'y ipapahuli ng walang anumang dahilan, hindi na obligado ang pagbabayad sa kanyang mga naiwan liban na lamang na mayroong siyang kasalanan.

Zakatul Fitr:

Obligado sa sinuman na aabutan ng huling araw mula sa buwan ng Ramadhan, at siya ay Muslim, maging ito'y matanda o bata, lalaki o babae, alipin o malaya, ganuong mayroong siyang labis na pagkain na katumbas ng isang saa' sa araw ng Eid at gabi nito, gayundin maiman din na bilangin ang batang nasa sinapupunan.

Ang hikmah sa pagsasabatas ng Zakah:

[1] Pagdadalisay sa Nag-aayuno mula sa walang pakinabang na gawain o kasamaan. [2] Ito'y makakatulong sa mga mahihirap at mga nangangailangan sa araw ng Eid, upang hindi na sila manghihingi pa.



Oras para ilabas – o ipamigay - ang Zakatul Fitr:

[1] Oras ng jawaaz (maari): Bago ang Eid nang isa o dalawang araw. [2] Oras ng mustahab (mainam): Bago ang salah ng Eid pagkatapos ng Fajar. [3] Oras ng tahreem (bawal): Pagkatapos ng Eid.

Timbangan ng Zakatul Fitr:

Saa' mula sa pagkain na iniimbak ng mga tao, hindi magiging katanggap-tanggap kung ang ibibigay ay pera o salapi, at ang timbangan ng saa' ay katumbas ng 2.40 kilo.

Salah – o Pagdarasal - ng Eid:

Ito ay obligado sa bawat isa, magsasagawa ng Salah pagtapos ng pagsikat ng araw na kasing haba ng pana hanggang zawal. Hindi na kailangan ang qada' (pagbabayad) kapag nakaligtaan. At ang sunnah ay idaraos sa disyerto - labas ng kabahayan -, ngunit maari ring gawin sa Masjid. At kumain ng tamar sa bilang na witr (gansal) bago ang Salah ng Eid, gayundin ay maglinis, magpabango at magsuot ng pinakamagandang damit. Pumunta at bumalik sa magka-ibang daanan, walang masama kung magsasabi ng: (taqabballahu minna wa minkum) – nawa'y tanggapin ng Allah sa atin at sa inyo -. Sunnah din ang pagtakbir sa gabi ng Eid, gayundin pagkatapos ng bawat obligadong Salah hanggang sa paglubog ng araw sa Araw ng Eid, ang pamamaraan ng takbir: (Allahu Akbar, Allahu Akbar, la ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil hamd). Ang pamamaraan ng Salatul Eid ay dalawang rakaah bago ang khutbah, magtakbir sa unang rakaah ng anim (6) na beses pagkatapos ng takbiratul ihram, at sa pangalawang rakaah bago pa ang pagbabasa; magtakbir ng limang (5) beses hindi pa kabilang ang takbir sa pagtayo rukuh.

اللغة الفلبينية

# Aralin sa Pag-aayuno

Shaykh Haytham bin Muhammad Jamil Sarhan

Guro sa Masjid Nabawiy



WWW.ATTASSEEL-ALELMI.COM